Ang kaluwalhatian ay sa Allah! ito ay mula sa satanas,upang umupo ka sa palanggana,at kapag nakita niya ang dilaw sa ibabaw ng tubig,maligo siya para sa Dhuhr at `Asr ng isang ligo lamang,at maligo siya sa Maghrib at `Eishah ng isang ligo lamang,at maligo siya sa Fajr ng isang ligo lamang,at magsagawa ng Wudhu sa pagitan ng mga ito

Ayon kay Asmā’ bint `Umays, malugod si Allāh sa kanya.-siya ay nagsabi:Sinabi ko: O Sugo ni Allah! Si Fatimah bint Abe Hubaysh ay nagdugo [maliban sa pagkaregla]-mula ganito at ganito-hindi na siya nakapagdasal,Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Ang kaluwalhatian ay sa Allah! ito ay mula sa satanas,upang umupo ka sa palanggana,at kapag nakita niya ang dilaw sa ibabaw ng tubig,maligo siya para sa Dhuhr at `Asr ng isang ligo lamang,at maligo siya sa Maghrib at `Eishah ng isang ligo lamang,at maligo siya sa Fajr ng isang ligo lamang,at magsagawa ng Wudhu sa pagitan ng mga ito))

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud]

Ipinapaalam ni Asmā’ bint `Umays, malugod si Allāh sa kanya.-ang nangyari kay Fatimah bin Abe Hubaysh mula sa pagdurugo.at ito paghahadlang sa kanya sa pagdarasal mula sa oras [na kanyang pagdudrugo] Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: "Ang kaluwalhatian ay sa Allah" ito ay pagtataka,at ang kahulugan ay: Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-nagtaka sa pagputol niya ng pagdarasal,datapuwat ang dugo ay hindi dugo ng regla,subalit ito ay isang pamamaraan ni satanas,Tulad ng naisalaysay sa ibang Hadith:"upang umupo ka sa palanggana kapag nakakita siya ng dilaw sa ibabaw ng tubig" Pagkatapos ay pinatnubayan siya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-upang makilala niya ang regla sa Istihada [dugo maliban sa regla],na umupo siya sa palanggana,ito ay lalagyan na linalabhan ng damit,kapag nakakita siya ang dilaw sa ibabaw ng tubig na inuupuan niya,ito ay palatandaan na siya ay naging dalisay mula sa pagkaregla niya,sapagkat ang dugo ng regla ay maitim at malagkit,at ang iba rito ay dugo ng Istihada [dugo maliban sa regla]," Maligo siya para sa Dhuhr at `Asr na isang ligo lamang,at maligo siya ng Maghrib at `Eishah ng isang ligo lamang,at maligo siya sa Fajr ng isang ligo lamang)) Ibig sabihin: Kapag nakakita siya ng dilaw sa ibabaw ng tubig,maligo siya araw at gabi nito ng tatlong beses,sa Dhuhr at `Asr ay isang ligo lamang,at sa Maghrib at `Eishah ay isang ligo lamang,at sa Fajr ng isang ligo lamang.